

**EVEN CYCLE**

# **BASA PILIPINAS**

## **LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO PARA SA MULTIGRADE NA KLASE (BAITANG 2 AT 3)**

### **YUNIT 2**

**Ang materyal na ito ay binuo batay sa DepEd K–12 Gabay  
Pangkurikulum sa Filipino, Hulyo 2015.**

**HUNYO 2016**

Ang materyal sa pagtuturo na ito ay nabuo sa tulong ng mamamayang Amerikano sa pamamagitan ng United States Agency for International Development (USAID) at ng Basa Pilipinas Project, sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon.

**Lingguhang Gabay ng Guro sa Filipino para sa Multigrade na Klase (Baitang 2 at 3)****Yunit 2 (Even Cycle)****Ikalawang Edisyon, 2016**

Inilathala ng U.S. Agency for International Development (USAID)

Binuo ng USAID/Basa Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon

**Technical Director:** Nancy Clark-Chiarelli, EdD

**Manunulat:** Sierra Mae Paraan

**Mga Tagasuri:** Corazon Lalu-Santos, PhD (nilalaman)

Jomar Empaynado (wika)

**Mga Nag-layout:** Leana Sanchia Catura, Harry James Creo, at Maritoni Rejano

Ang karapatang-sipi ng mga akda o iba pang anyo ng teksto gaya ng kuwento, awit, tula, mga larawan, tatak, trademark, at iba pa, na ginamit sa materyal na ito ay taglay ng kani-kanilang mga may-ari. Upang magamit ang mga akdang ito, pinagsikapang mahanap at humingi ng pahintulot mula sa mga may karapatang-ari. Hindi inaangkin ng tagapaglathala at may-akda ang karapatang-ari sa mga akdang ito.

Ang mga piling kuwento mula sa Adarna House ay ginamit nang may pahintulot sa mga tagapaglathala nito.

Walang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ipadala sa anumang paraan, electronic o mekanikal, kabilang ang photocopy, o anumang sistema ng impormasyon nang walang pahintulot sa tagapaglathala.



**USAID**  
FROM THE AMERICAN PEOPLE

## Inilimbag sa Pilipinas

### **Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd - BLR)**

Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

Telefax: +63 (02) 634-1072; 634-1054; 631-4985

E-mail Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrph@deped.gov.ph](mailto:blr.lrph@deped.gov.ph)

## PANGKONSEPTONG BALANGKAS NG MGA KAGAMITAN SA PAGTUTURO NG MULTIGRADE

### Ano ang MG class?

Ang **Multigrade class** o **MG class** ay isang klaseng binubuo ng pinagsamang grupo ng mga mag-aaral mula sa magkaibang baitang. Isang guro lamang ang nagtuturo o humahawak sa klase sa buong taong panuruan. Madalas makita ang **MG class** sa mga paaralan na may kakaunting bilang ng mag-aaral o sa mga lugar na malayo sa kabisera/sentro tulad ng baryo at pamayanan sa bulubundukin.

### Basa Approach

Nauunawaan ng Basa Pilipinas ang pangangailangan ng mga guro ng **MG class** na magkaroon ng sapat na kaalaman at kahandaan sa pagtuturo ng naturang klase. Dahil dito, nagbibigay ang Basa Pilipinas ng mga *training* at kagamitan sa pagtuturo gaya ng mga *Gabay sa Pagtuturo* o *Teacher's Guides* at aklat (*Read Aloud books* at *Leveled Readers*). Tulad ng pagdisenyo ng mga *training*, isinaalang-alang ng Basa Pilipinas ang kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon, ang kakayahan at kasanayan ng mga guro, at ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga kagamitang ito.

Mahalaga ring malaman na idinisenyo ang mga kagamitan sa pagtuturo ayon sa ideyang natututo ang mga mag-aaral sa *MG class* batay sa indibidwal na kakayahan o kasanayan. Kaya naman, inaasahang makagagawa ng iba't ibang gawain ang mga mag-aaral ayon sa nakatakdang layunin ng baitang na kanilang kinabibilangan.

Tingnan ang sumusunod na halimbawa upang mas maintindihan ang konsepto ng Basa Pilipinas tungkol sa *MG class*.

*Magbabasa ang guro ng isang kuwento sa klase habang nakikinig ang mga mag-aaral mula sa baitang 1 at 2 (o baitang 2 at 3.)*

*Pagkatapos basahin ang kuwento, magtatanong ang guro tungkol dito at sasagutin naman ng mga mag-aaral. Habang tinatalakay ng guro ang kuwento, maaari niyang bigyang-pansin ang iba't ibang elemento ng kuwento (hal. tauhan, pangyayari at iba pa) o ang ibang kasanayan sa pagbasa (hal. paghihinuha, pagbibigay ng prediksiyon sa kuwento, at iba pa) batay sa nakatakdang layunin ng bawat baitang para sa linggong iyon.*

### Mga Kagamitan sa Pagtuturo ng MG

Sa unang tingin, mapapansing koleksiyon ng mga lingguhang gabay ang karaniwang kagamitan sa pagtuturo ng *MG*. Naisulat ang mga lingguhang gabay o weekly outlines gamit ang mga *Gabay sa Pagtuturo* o *Teacher's Guides* sa Baitang 1,2, at 3. Sinusundan ito ng mga layunin at temang nakatala sa kurikulum ng bawat baitang sa pinagsamang klase. Nagagamit din ang mga *Read Aloud Story* o *Pakikinggang Kuwento* at *Leveled Reader* na tinatalakay sa mga pinagbatayang *Gabay sa Pagtuturo*.

Isa sa mahalagang katangian at kapansin-pansin sa lingguhang gabay ay ang disenyo sa paggamit nito. Hinati at pinangkat ang nilalaman ng kurikulum sa Baitang 1,2, at 3 sa paraang ang mga ito ay maituturo sa pinagsamang klase sa loob ng dalawang taon. Nahahati ang nilalaman ng mga kagamitan sa dalawang pangkat: ang *Even cycle* at ang *Odd cycle*. Ang *Even cycle* ay para sa mga taong panuruan 2014, 2016, 2018... Samantala, ang *Odd cycle* naman ay para sa mga taong panuruan 2015, 2017, 2019... Sa bawat yunit ng taong panuruan, makikitang sumusunod sa *two-week instructional sequence* ang mga aralin. Pag-aaralan ng mga mag-aaral ang iisang paksa o tema sa loob ng dalawang linggo. Posibleng maiba ang gawain ng mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan sa bawat antas.

Halimbawa, babasahin at talakayin ang kuwento sa *Gabay sa Pagtuturo* para sa Baitang 2 sa unang linggo. Gamit ang parehong batayan, sasanayin ng guro ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng nakatalagang Leveled Reader sa ikalawang linggo. Sa ikatlo at ikaapat na linggo, gagamitin naman ng guro ang *Gabay sa Pagtuturo* para sa Baitang 3. Gaya ng ginawa sa unang dalawang linggo, babasahin at talakayin ang iisang kuwento at sasanayin ang mga

mag-aaral na magbasa ng nakatalagang Leveled Reader. Makikita ang modelong ito na nakalatag sa *MG Addendum* kasama ng mga lingguhang gabay.

Tingnan ang sumusunod na talahanayan upang magkaroon ng mas kongkretong ideya ng modelong ito.

## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, BAITANG 2 & 3 (PARA SA MGA PAARALANG MULTIGRADE) YUNIT 2

Para sa mga Taong Panuruan 2016, 2018, 2020...

Aralin	Gabay sa Pagtuturo at Kuwento	Tema	Leveled Reader	Dagdag na Tala sa Pagtuturo ng <i>Multigrade</i>
11	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</i></li> <li>Pakikinggang Kuwento: "Si Chico"</li> </ul>	Ang Aming Paaralan: Ang Aking mga Ginagawa at ng Aking mga Kaibigan sa Paaralan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 3: <i>Si Chico</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kung kinakailangan, maaaring baguhin ang gawain para sa mga mag-aaral sa Baitang 2 o 3 upang maging mas akma ito sa kanilang antas at kakayahan.</li> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral sa Baitang 3 na dagdagan pa ng ibang detalye ang kanilang pagbabahagi.</li> </ul>
12	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</i></li> <li>Pakikinggang Kuwento: "Si Hasmin"</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2: <i>Nagsimula sa Parisukat</i></li> <li>Baitang 3: <i>Si Hasmin</i></li> </ul>	

↓  
**READ ALOUD STORY O  
PAKIKINGGANG KUWENTO**

↓  
**LEVELED  
READER**

Noong nakaraang taon, namahagi ang Basa Pilipinas ng mga Kagamitan sa Pagtuturo. Ang ilan sa mga ito ay mga lingguhang gabay para sa taong panuruan 2014, 2015, 2016... Nakalista sa ibaba ang mga lingguhang gabay na ito.

Yunit 3	Yunit 4
1. Mother Tongue	1. Mother Tongue
a. Ilokano	a. Ilokano
b. Sinugbuanong Binisaya	b. Sinugbuanong Binisaya
2. English	2. English
3. Filipino	3. Filipino

Ngayong taon, ipamamahagi naman ng Basa Pilipinas ang sumusunod na lingguhang gabay:

**Para sa Pinagsamang Klase ng Baitang 1 at 2**

Taong Panuruan 2016, 2018, 2020...

Yunit 1	Yunit 2
Mother Tongue	Filipino
a. Ilokano	
b. Sinugbuanong Binisaya	

Taong Panuruan 2015, 2017, 2019...

Yunit 1	Yunit 2	Yunit 3	Yunit 4
Mother Tongue	Filipino	1. English	Filipino
a. Ilokano		2. Filipino	
b. Sinugbuanong Binisaya			

**Para sa Pinagsamang Klase ng Baitang 2 at 3**

Taong Panuruan 2016, 2018, 2020...

Yunit 1	Yunit 2	Yunit 3	Yunit 4
1. English	1. English	1. English	1. English
2. Filipino	2. Filipino	2. Filipino	2. Filipino

Taong Panuruan 2015, 2017, 2019...

Yunit 1	Yunit 2	Yunit 3	Yunit 4
1. English	1. English	1. English	1. English
2. Filipino	2. Filipino	2. Filipino	2. Filipino

**Sanggunian:**

- Mathot, G.B. (2001). *A handbook for teacher of multi-grade classes*. France. UNESCO.
- SEAMEO INNOTECH. (n.d.). *Profile of multigrade schools in the Philippines*. Philippines. Author.

**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, BAITANG 2 & 3  
(PARA SA MGA PAARALANG MULTIGRADE)**

Para sa mga Taong Pampanuruan 2016, 2018, 2020...

Aralin	Gabay sa Pagtuturo at Kuwento	Tema	Leveled Reader	Dagdag na Tala sa Pagtuturo ng Multigrade
11	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</li> <li>Pakikilingang Kuwento*: “Si Chico”</li> </ul>	Ang Isang Bayani	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 3: <i>Si Chico</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kung kinakailangan, maaaring baguhin ang gawain para sa mga mag-aaral sa Baitang 2 o 3 upang maging mas akma ito sa kanilang antas at kakayahan.</li> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral sa Baitang 3 na dagdagan pa ng ibang detalye ang kanilang pagbabahagi.</li> <li>Hangga’t maaari, pagtambalin ang mga bata mula sa magkaparehong baitang.</li> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral sa Baitang 3 na dagdagan o pahabain ang kanilang mga pangungusap o paglalahad.</li> <li>Sa pagsulat, hikayatin ang mga mag-aaral sa Baitang 3 na magsulat ng buong pangungusap.</li> </ul>
12	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</li> <li>Pakikilingang Kuwento: “Si Hasmin”</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2: <i>Nagsimula sa Parisukat</i></li> <li>Baitang 3: <i>Si Hasmin</i></li> </ul>	
13	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 2</li> </ul>	Ang Aking Pamayanan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 3: <i>Kabang: Asong Bayani</i></li> </ul>	
14	<ul style="list-style-type: none"> <li>Read Aloud Story: <i>Si Emang Engkantada at ang Tatlong Haragan</i></li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2: <i>Si Roko, ang Matakaw na Aso</i></li> <li>Baitang 3: <i>Kahanga-hangang mga Lumba-Lumba</i></li> </ul>	
15	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</li> <li>Pakikilingang Kuwento: “Ang Idolo ni Beatrice”</li> </ul>	Ang Isang Bayani	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 3: <i>Ang Idolo ni Beatrice</i></li> </ul>	
16	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</li> <li>Pakikilingang Kuwento: “Ang mga Babaeng Bayani sa Bansa”</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2: <i>Bagyo!</i></li> <li>Baitang 3: <i>Ang mga Babaeng Bayani sa Bansa</i></li> </ul>	
17	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 2</li> </ul>	Ang Aking Pamayanan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 3: <i>Misteryo sa Villa Soledad</i></li> </ul>	
18	<ul style="list-style-type: none"> <li>Read Aloud Story: <i>Hating Kapatid</i></li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2: <i>Ang Bagong Kapitbahay</i></li> <li>Baitang 3: <i>Misteryo sa Villa Soledad</i></li> </ul>	
19	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</li> <li>Pakikilingang Kuwento: “Misteryo sa Villa Soledad” (Ikatlong Kuwento)</li> </ul>	Mga Makasaysayang Lugar sa Aking Bansa	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 3: <i>Misteryo sa Villa Soledad</i></li> </ul>	

\* Ang Pakikilingang Kuwento o Listening Story ay mga tekstong nilikha upang linangin ang kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral. Binabasa ito ng mga guro upang sanayin ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng kuwento. Sa mga ibang materyal, makikita ito sa taguring Kuwentong Pakikilingan, Pinakikilingang Kuwento, at iba pa.

# TALAAAN NG NILALAMAN

<b>Aralin 11: Ang Isang Bayani</b> .....	<b>1</b>
<b>Aralin 12: Ang Isang Bayani</b> .....	<b>13</b>
<b>Aralin 13: Ang Kalikasan at ang Kapaligiran</b> .....	<b>23</b>
<b>Aralin 14: Ang Kalikasan at ang Kapaligiran</b> .....	<b>35</b>
<b>Aralin 15: Ang Isang Bayani</b> .....	<b>47</b>
<b>Aralin 16: Ang Isang Bayani</b> .....	<b>59</b>
<b>Aralin 17: Ang Aking Pamayanan</b> .....	<b>71</b>
<b>Aralin 18: Ang Aking Pamayanan</b> .....	<b>81</b>
<b>Aralin 19: Mga Makasaysayang Lugar sa Aking Bansa</b> .....	<b>91</b>



ARALIN



LINGGUHANG GABAY NG GURO

# MULTIGRADE NA KLAASE BAITANG 2 AT 3 FILIPINO

**TEMA: ANG ISANG BAYANI**

**PAKIKINGGANG KUWENTO (LISTENING STORY):  
“ANG INAABANGAN NINA HASMIN AT CHICO”**

**LEVELED READER: *SI CHICO***

## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO PARA SA MULTIGRADE NA KLASE (BAITANG 2 AT 3) YUNIT 2, ARALIN 11 (50 MINUTO)

**Tema: Ang Isang Bayani**

**Pakikilingang Kuwento (Listening Story): “Ang Inaabangan nina Hasmin at Chico”** (Kuwento ni Sierra Mae Paraan)

**Leveled Reader: Si Chico** (Kuwento ni Sierra Mae Paraan at Guhit ni Alexandra Paredes)

**DOMAINS:** EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon  
PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa  
PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikingig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita  
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas \* – Mga Layuning Idinagdag ng Basa

**Paunawa sa Guro:** Para sa linggong ito, gamitin ang **Gabay sa Pagtuturo ng Filipino (Teacher’s Guide)** para sa Baitang 3 na ipinamahagi ng Basa Pilipinas. Mapapansing naka-**bold italic** ang mga layunin para sa **Baitang 3**.

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-2 <b>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbibigay-Ulat tungkol sa Itinuturing na bayani</li> </ul>	1. Bahaginan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ipakuwento sa mga mag-aaral ang napili nilang bayani.</li> </ul>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PT-IIa-j-1.6 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikilingang Kuwento (Listening Story): “Si Chico”</li> <li>Paghawan ng Balakid: <b>giit, alo, chichacorn</b></li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (Gabay sa Pagtuturo, diksiyonaryo, at iba pa.) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I		kahulugan (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita			
	PN	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PN-IIb-2 Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pag-uugnay ng Sariling Karanasan</li> </ul>	3. Paghahanda sa Pagbasa ng Kuwento a. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng karanasang kapareho ng pangyayari sa kuwento.</li> <li>Pangunahan ang pagbabahagi sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling kuwento.</li> </ul> Halimbawa: <i>Naranasan niyo na bang masabik o ma-excite sa isang bagay o pangyayari? Maaari ba ninyong ikuwento ang inyong mga karanasan?</i>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li>Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak at Pagganyak na Tanong</li> </ul>		
	PS	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Naisasalaysay ang mahahalagang bahagi ng kuwento batay sa banghay ng kuwento*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa Kuwento</li> </ul>	4. Pagtalakay sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong tungkol sa kuwento.</li> <li>Ipasalaysay sa mag-aaral ang mahahalagang pangyayari sa kuwento.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Makikita ang pakikinggang kuwento sa <b>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</b>, “Ang Inaabangan nina Hasmin at Chico,” pahina 13.</i></p>	
TA	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>F3TA-0a-j-1 Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro</b></li> </ul>				

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakikilala ang pangngalan at ang angkop na pandiwang pangkasalukuyan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangngalan at Pandiwa</li> </ul>	5. Pagkilala ng pangngalan at ng angkop na andiwa sa bawat pangungusap <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng magkaibang gawain para sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</li> </ul>	
2	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-2</i> <b>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>		1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng sariling karanasan tungkol sa kuwentong napakinggan.</li> </ul>	
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PT-IIId-1.7; F3PT-Iif-3.2</i> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan ng salita</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Si Chico</i></li> <li>Paghawan ng Balakid: <b>kabisado, abono, hinihimay, hinawi</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang inihahanda ang mga mag-aaral sa Baitang 3, bigyan ang Baitang 2 ng pagsasanay.</li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksiyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>
	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3EP-Ib-h-5</i> <b>Nagagamit ang iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gamit ng iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon</li> </ul>		3. Paghahanda sa pagbasa ng Leveled Reader <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipahula sa mga mag-aaral ang nilalaman ng kuwento batay sa iba't ibang impormasyon sa pabalat ng aklat.</li> </ul>


Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-3</i> <b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Si Chico</i> (Unang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagbabasa nang tahimik ang mga mag-aaral sa Baitang 3, muling basahin ang pinakinggang kuwento sa Baitang 2.</li> <li>Pagkatapos, magbigay ng pagsasanay tungkol sa kuwento.</li> </ul>	<p>4. Pagbabasa ng Leveled Reader: <i>Si Chico</i></p> <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p>
	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakapagbibigay ng angkop na reaksiyon habang binabasang muli ng guro ang kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Muling Pagbasa ng Kuwento</li> </ul>	<p>2. Pagbibigay ng angkop na reaksiyon sa bahagi ng napakinggang kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang reaksiyon sa napakinggang kuwento.</li> </ul>	<p>5. Pagtalakay sa Leveled Reader</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong tungkol sa kuwento at ipabasa sa kanila ang bahaging nagsasaad ng sagot.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan nang muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwentong sumasagot sa tanong</li> </ul>		
	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakasasali sa pangkatang gawain at nakasusunod sa napakinggang panuto upang maisagawa ang hinihinging gawain*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangkatang Gawain</li> </ul>	<p>3. Pagsali sa Pangkatang Gawain</p> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ilan sa mga halimbawa ng pangkatang gawain: pagtukoy sa mga salitang hindi naintindihan sa teksto; pagguhit ng bahagi ng kuwento; pagsasadula ng bahagi ng kuwento; at pagsagot ng mga tanong.</i></p>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2-PN-3.1.1 Nakasasagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa kuwento</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang ginagawa ng mga mag-aaral sa Baitang 2 ang kanilang pangkatang gawain, sasagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 3 ang pagsasanay tungkol sa panlapi at salitang-ugat.</li> </ul>
	<b>KP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3KP-IIIe-g-6 <b><i>Nakabubuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng wastong panlapi sa salitang-ugat</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagdagdag ng panlapi sa Salitang-Ugat</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>6. Pagbigay ng angkop na unlapi, gitlapi, at hulapi sa salitang-ugat upang makabuo ng bagong salita</li> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo ng mga bagong salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng panlapi sa mga ibinigay na salita.</li> </ul>
3	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2WG-IIa-1 Nagagamit ang magalang na pananalita na angkop sa sitwasyong pakikipag-usap sa matatanda</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Dula-dulaan</li> </ul>	1. Paghahanda ng Dula-dulaan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa paghahanda ng dulang nagpapakita ng wastong paggalang sa kilos at salita.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Iminumungkahing pagsamahin ang mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3 para sa gawain.</i></p>	
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-2 <b><i>Naipahahayag ang ideyalkaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</i></b></li> </ul>			
	<b>PP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b><i>Natutukoy ang panlapi sa mga salita*</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagkilala sa panlapi ng bawat salita</li> </ul>	2. Pagkilala sa panlapi ng bawat salita <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng panlapi sa mga ibinigay na halimbawa.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
3	<b>KP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3KP-IIIe-g-6 <b>Nakabubuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng angkop na panlapi sa salitang-ugat</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbuo ng bagong salita at pagdagdag ng panlapi sa salitang-ugat</li> </ul>	<p>3. Pagbuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng panlapi sa salitang-ugat</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga bagong salita sa pamamagitan ng pagdaragdag ng panlapi sa mga salitang-ugat.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Magbigay ng magkaibang gawaing akma sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</p>	
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3WG-Ie-h-3 <b>Nasasabi ang wastong gamit ng Panghalip panaong ako, ikaw, at siya at nagagamit ang mga ito sa pangungusap*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Panghalip panao: <b>Ako, ikaw, siya</b></li> </ul>	<p>4. Paggamit ng Wastong Panghalip Panao</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang wastong gamit ng Panghalip panao at gabayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga ito.</li> </ul>	
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naipahahayag ang sariling damdamin sa pamamagitan ng pagsulat ng karugtong ng pangungusap*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng Karugtong ng Komposisyon</li> </ul>	<p>5. Pagsulat ng Komposisyon</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang komposisyon.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Mainam na magbigay ng huwaran na magiging gabay ng mga mag-aaral sa paggawa ng kanilang komposisyon.</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagsusulat ng komposisyon ang mga mag-aaral sa Baitang 2, sasagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 3 ang pagsasanay tungkol sa sanhi at bunga.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-Iih-6 Naibibigay ang dahilan ng pangyayari sa binasang kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng dahilan sa nakasaad na bunga</li> </ul>		<p>5. Pagdugtong sa pangungusap tungkol sa itinuturing nilang bayani</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa gawain.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit nang wasto ang isahang panghalip panao</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Panghalip Panao (Isahan): <b>Ako, Ikaw, Siya</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>I. Pagsagot sa Pagsasanay</li> <li>Magbigay sa mga mag-aaral ng pagsasanay para sa araling gramatika na tinalakay sa nakaraang araw.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sumasagot sa pagsasanay ang mga mag-aaral sa Baitang 2, ihanda ang mga mag-aaral sa Baitang 3 para sa pagbasa ng ikalawang bahagi ng Leveled Reader.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PT-IIa-1.7; F3PT-IIa-2.3</i></li> <li><b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, kahulugan, o kasingkahulugan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Si Chico</i> (Ikalawang Bahagi)</li> <li>Paghawan ng Balakid: <b>hindi nagdalawang-isip, sinuri, tinanaw</b></li> </ul>	↓	<ul style="list-style-type: none"> <li>I. Paghawan ng Balakid</li> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa.) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PB-Ia-1</i></li> <li><b>Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento</li> <li>Pangganyak na Tanong</li> </ul>	↓	<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Pagsagot sa tanong tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento at pagsagot sa pangganyak na tanong</li> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa Leveled Reader at ipasagot ang mga ito sa mga mag-aaral.</li> </ul>



Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-3</li> <li><b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Si Chico</i> (Ikalawang Bahagi)</li> </ul>		3. Pagbasa ng Leveled Reader  Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.  Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nakasasali sa pangkatang gawain at naibibigay ang angkop na tugon sa bahagi ng kuwento*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangkatang Gawain</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang ginagawa ng mga mag-aaral sa Baitang 3 ang pangkatang gawain, basahin at talakayin ang kuwentong, “Ang Matulunging Mag-anak.”</li> </ul>	4. Pagsali sa pangkatang gawain at pagbigay ng angkop na tugon sa bahagi ng kuwento  <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pangkatang gawain.</li> </ul>
		<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-IIa-b-3.1.1</li> <li>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikilingang Kuwento: “Ang Matulunging Mag-anak” (Mula sa <i>Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino</i>, Baitang 2, p. 146)</li> </ul>	2. Pagbasa ng Kuwento  <ul style="list-style-type: none"> <li>Basahin ang kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na sumabay sa pagbasa nito.</li> </ul>	
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nasasabi ang wastong gamit ng mga Panghalip panaong <b>kami, tayo, kayo, at sila*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Panghalip Panao (Maramihan): <b>Tayo, kami, kayo, sila</b></li> </ul>	3./5. Pagsagot sa mga Pagsasanay  <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng pagsasanay na akma sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at Baitang 3.</li> </ul>	
	<b>PU</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PU-Iif-3.2</li> <li>Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan nang may tamang laki at layo sa isa’t isa</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat nang Kabit-kabit</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ipasulat sa Baitang 2 at 3 ang pagsasanay sa paraang kabit-kabit.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naiwawasto ang pag-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tanong ng guro sa iba't ibang paraan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maayos na pagsalaysay ng mahahalagang bahagi ng kuwento</li> </ul>	<p>4. Pagpapakita ng mga sagot sa kaklase at pagwawasto sa tulong ng guro</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na ipakita ang kanilang mga ginawa sa klase at gabayan sila sa pagwawasto ng kanilang mga sagot.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Magkaiba ang pagsasanay na ginawa ng Baitang 2 at Baitang 3.</p>	
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PB-IIIg-12.3 Naisasalaysay nang maayos ang mga mahahalagang bahagi ng kuwento</li> </ul>			
5	<b>PP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2AL-If-1.3 Nababasa nang maayos ang mga salitang may tatlong pantig</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagpapantig</li> </ul>	<p>1. Pagpapantig ng mga salita at pagbigay ng tamang bilang ng pantig ng bawat salita</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagpapantig ng mga salita at pagbibigay ng bilang ng pantig ng mga halimbawang salita.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Maaaring magbigay ng salitang akma sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</p>	
	<b>KP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F1KP-Iie-4 Naibibigay ang wastong bilang ng pantig ng bawat salita</li> </ul>			

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
5	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Nahihinuha ang ugali ng mga tauhan batay sa kanilang sinabi o aksiyon*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paghinuha sa Ugali ng Tauhan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang nagsasagot ang Baitang 3 ng mga pagsasanay tungkol sa kuwento, sanayin pa ang Baitang 2 sa pagpapantig at pagbabaybay.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>3. Pagbibigay ng hinuha tungkol sa ugali ng tauhan batay sa kaniyang sinabi o aksiyon</li> <li>• Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang hinuha tungkol sa mga tauhan sa kuwentong binasa.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paggamit ng Napag-aralang Talasalitaan</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>4. Pagsasanay sa talasalitaan mula sa kuwento</li> <li>• Magbigay ng pagsasanay sa mga napag-aralang salita mula sa kuwento.</li> </ul>
	<b>PU</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• F2PY-IIg-i-2.1 Nababaybay nang wasto ang mga napag-aralang salita</li> <li>• Napupunan ang mga pangungusap ng angkop na salita*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbaybay</li> <li>• Pag-unawa sa kahulugan ng mga binasang salita</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>5. Paggamit ng tamang salita upang punan ang pangungusap</li> <li>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa pagsasanay.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Sabay na sasagot ang Baitang 2 at 3 ng gawain. Imodelo ang gagawin sa bawat pagsasanay.</i></p>	
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>F3TA-0a-j-4 Nakasusulat ng isang liham na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagsulat ng Liham</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>5. Pagsulat ng Liham</li> <li>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng liham.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ang liham na isusulat ay batay sa binasang Leveled Reader.</i></p>	



ARALIN

12

LINGGUHANG GABAY NG GURO

**MULTIGRADE NA KLASE  
BAITANG 2 AT 3  
FILIPINO**

**TEMA: ANG ISANG BAYANI**

**PAKIKINGGANG KUWENTO (LISTENING STORY):  
“ANG BULAKLAK NA HASMIN”**

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 2: *NAGSIMULA SA PARISUKAT***

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 3: *SI HASMIN***

## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO PARA SA MULTIGRADE NA KLASE (BAITANG 2 AT 3) YUNIT 2, ARALIN 12 (50 MINUTO)

**Tema: Ang Isang Bayani**

**Pakikingang Kuwento (Listening Story): “Ang Bulaklak na Hasmin”** (Kuwento ni Sierra Mae Paraan)

**Leveled Reader para sa Baitang 2: Nagsimula sa Parisukat** (Kuwento ni Yvette Tan at Guhit ni Rea Diwata Mendoza)


**Leveled Reader para sa Baitang 3: Si Hasmin** (Kuwento ni Sierra Mae Paraan at Guhit ni Alexandra Paredes)

**DOMAINS:** EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon  
PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa  
PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita  
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas \* – Mga Layuning Idinagdag ng Basa


**Paunawa sa Guro:** Para sa linggong ito, gamitin ang **Gabay sa Pagtuturo ng Filipino (Teacher’s Guide) para sa Baitang 3** na ipinamahagi ng Basa Pilipinas. Mapapansing naka-**bold italic** ang mga layunin para sa **Baitang 3**.

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-2 <b>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbibigay-Ulat tungkol sa itinuturing na batang bayani</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa mga batang bayani.</li> </ul>	
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PT-IIa-j-1.6 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikingang Kuwento (Listening Story): “Si Hasmin”</li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid <p>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksiyonaryo, at iba pa.) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</p> <p><b>Para sa Guro:</b> Matatagpuan ang pakikingang kuwento sa <b>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3</b>, pahina 47. Magbibigay ng listahan ng salitang akma sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</p>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
1		(context clues), katuturan, o kahulugan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>klima, taglay, pagpapakalma</b></li> </ul>		
	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F1PN-Iij-4 <b>Naiuugnay ang napakinggang kuwento sa sariling karanasan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak at pangganyak na tanong (K-W-L Tsart)</li> </ul>	3. Pagsagot sa dalawang kolum ng K-W-L Tsart <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa K-W-L tsart.</li> </ul>	
	<b>PN</b> <b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-1 Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikinig sa pagbabasa ng guro ng kuwento</li> </ul>	4. Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito <ul style="list-style-type: none"> <li>Basahin ang kuwento. Huminto sa ilang pahina ng aklat at magtanong tungkol sa pangyayari sa kuwento.</li> </ul>	
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nakasusulat ng talatang naglalarawan*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng Talatang Naglalarawan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagsusulat ang mga mag-aaral sa Baitang 3, talakayin ang paksang pangungusap ng talata.</li> </ul>	5. Pagsulat ng Talatang Naglalarawan <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng huwaran para maging gabay ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang talata.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PBIif-10 Naibibigay ang paksang pangungusap na nagsasaad ng pangunahing ideya ng isang talata*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paksang Pangungusap ng Bawat Talata</li> </ul>	5. Pagbasa ng mga pangungusap at pagbigay ng paksa ng talata <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay.</li> </ul>	
2	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PS-IIe-h-5.1 Nakapagbabahagi ng sariling karanasan tungkol sa karanasan sa paaralan</li> </ul>		1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magkuwento tungkol sa pangyayari/karanasan sa paaralan.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Naibibigay ang mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbigay ng mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat</li> <li>• Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Si Hasmin</i> (Unang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang inihahanda ng guro ang Baitang 2 sa pagbabasa ng Leveled Reader, hikayatin ang Baitang 3 na pag-usapan ang pabalat ng Leveled Reader na babasahin.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat</li> <li>• Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon sa pamagat ng aklat.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• F2PT-IIb-1.7 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Leveled Reader para sa Baitang 2: <i>Nagsimula sa Parisukat</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Paghawan ng Balakid</li> <li>• Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>	
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• F2TA-0a-j-3 Nababasa ang mga parirala nang may tamang ekspresyon</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>3. Pagbabasa ng bawat talata at pagtukoy ng paksang pangungusap</li> <li>• Ipabasa ang Leveled Reader sa mga mag-aaral at ipatukoy sa kanila ang paksang pangungusap sa bawat talata.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang nagbabasa ang mga mag-aaral sa Baitang 2 ng Leveled Reader, ihanda ang mga mag-aaral sa Baitang 3 para sa babasahing kuwento.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagganyak at Pagganyak na Tanong</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>3. Paghawan ng Balakid</li> <li>• Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng</li> </ul>



Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2			<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>inunat, gumasgas, bagting, senyales, anunsiyo, mangarap nang gising</b></li> </ul>		<p>sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksiyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</p> <p>4. Paghahanda sa Pagbasa ng Leveled Reader</p> <p>a. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang sagot sa tanong na, “<i>Madali ba para sa inyo ang gumising nang maaga? Ano-ano ang mga panggising sa inyo sa umaga?</i>”</li> </ul> <p>b. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa Leveled Reader.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Makikita ang tanong sa <i>Gabay sa Pagtuturo sa Filipino para sa Baitang 3</i>.</p>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-IIa-b-3.1.1 Nakababasa ng Leveled Reader at nasasagot ang mga tanong tungkol dito</li> </ul>		<p>4. Pagbabasa ng magkaparehang bata ng Leveled Reader</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipabasa sa mga mag-aaral ang Leveled Reader.</li> </ul>	


Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-3</i> <b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Si Hasmin</i> (Unang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Umikot sa klase habang parehong nagbabasa ang mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3. Gabayan ang mga mag-aaral na nahihirapan pang magbasa.</li> </ul>	5. Pagbabasa ng Leveled Reader  Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.  Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magbigay ng mga sasaguting tanong.
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-IIa-b-3.1.1 Nakababasa ng Leveled Reader at nasasagot ang mga tanong tungkol dito</li> </ul>		5. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasa  <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa Leveled Reader at ipasagot ito sa mga mag-aaral.</li> </ul>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PB-I-d-3.1</i> <b>Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pag-unawa sa kuwento sa pamamagitan nang muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong</li> </ul>		6. Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahaging nagsasaad ng sagot  <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa Leveled Reader.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nababasa nang mag-isa ang Leveled Reader at nasasagot ang pagsasanay tungkol dito*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 2: <i>Si Roko, Ang Matakaw na Aso</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Pagbasa ng Leveled Reader nang mag-isa</li> <li>Ipabasa sa mga mag-aaral ang Leveled Reader nang mag-isa.</li> <li>3. Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa binasang Leveled Reader</li> <li>Magbigay ng pagsasanay sa mga mag-aaral.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagbabasa ng Leveled Reader ang mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang pagsagot sa mga tanong.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
3	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Naibibigay ang mahahalagang detalye ng kuwento*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbibigay ng Mahahalagang Detalye ng Kuwento</li> </ul>		2. Ibigay ang mahahalagang detalye ng kuwento sa pamamagitan ng pagsagot ng mga tanong na: <b>Ano, sino, ilan, saan, at bakit.</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga tanong.</li> </ul>
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Naisusulat ang pandiwang pangnagdaan ng mga pangungusap*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pandiwang Pangnagdaan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang sinasagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 3 ang pagsasanay, talakayin ang pagsasanay na sinagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 2. Pagkatapos, talakayin ang mga paksang nakasaad para sa mga mag-aaral sa Baitang 2.</li> </ul>	3. Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa pandiwang pangnagdaan <ul style="list-style-type: none"> <li>• Magbigay ng pagsasanay sa mga mag-aaral.</li> </ul>
	<b>PY</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• F2PY-IIg-i-2.1 Nababaybay ang mga salita sa Leveled Reader</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbabaybay</li> </ul>	4. Pagbabaybay ng mga Salita <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ipabaybay sa mga mag-aaral ang mga ibinigay na salita.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Magkaiba ang mga salitang babaybayin ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3. Ang mga salitang ito ay akma para sa mga mag-aaral.</i></p>	
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• F2KM-IIg-j-3 Nakasusulat ng payo sa isang kaibigan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Komposisyon: Pagsusulat ng Payo</li> </ul>	5. Pagsusulat ng Payo <ul style="list-style-type: none"> <li>• Magbigay ng huwaran para maging gabay ng mga mag-aaral sa paggawa ng kanilang gawain.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang nagsusulat ng payo ang mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang pagsasagawa ng isang panayam sa mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>PS KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Nasasagot ang isang panayam at nakagagawa ng mga tanong sa isang panayam*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Isang Panayam</li> </ul>		5. Pagsagot sa isang panayam at paggawa ng sariling panayam <ul style="list-style-type: none"> <li>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa isang panayam at sa paggawa ng sarili nilang panayam.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-2 <b><i>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbibigay-ulat tungkol sa nagawang kabutihan ng isang hayop</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magkuwento tungkol sa isang hayop at sa ginawang nitong kabutihan sa tao.</li> </ul>	
	PB	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-II d-4 Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento: tauhan, tagpuan, banghay</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Elemento ng Kuwento: <b>Tagpuan, tauhan, pangyayari</b></li> </ul>	2. Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga tanong tungkol sa kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sinasagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 2 ang kanilang mga gawain, gabayan ang mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbabasa ng kanilang Leveled Reader.</li> </ul>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>FPT-II d-1.7; F3PT-II a-2.3 <b><i>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, kahulugan, o kasingkahulugan</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>pinaligiran, bersiyon</b></li> </ul>	3. Talakayan <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipalarawan sa mga mag-aaral ang mga elemento ng kuwento.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Iminumungkahing pumili ng isang elemento ng kuwento bilang pokus para mas magkaroon ng mas malalim na talakayan.</i></p>	2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PB-II a-1 <b><i>Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong</li> </ul>	3. Paghahanda sa Pagbasa ng Leveled Reader <ol style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak</li> </ol>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4					<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ipakuwento sa mga mag-aaral ang unang bahagi ng Leveled Reader.</li> <li>b. Pangganyak na Tanong</li> <li>• Magbigay ng tanong tungkol sa ikalawang bahagi ng Leveled Reader at ipasagot sa mga mag-aaral ang tanong pagkatapos nila itong mabasa.</li> </ul>
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>F3TA-0a-j-3</i> <b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Kahanga-hangang mga Lumba-Lumba</i> (Ikalawang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang tahimik na nagbabasa ang mga mag-aaral sa Baitang 3, talakayin ang talahanayan sa mga mag-aaral sa Baitang 2.</li> </ul>	<p>4. Pagbasa ng Leveled Reader</p> <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p>
	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Naibibigay ang mga kailangang impormasyon sa isang talahanayan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbibigay ng mahahalagang impormasyon batay sa Isang talahanayan</li> </ul>	<p>4. Pagkuha ng impormasyon sa isang talahanayan</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Gabayan ang mga mag-aaral sa pagkuha ng impormasyon mula sa talahanayan.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang nagsasagot ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang binasang kuwento ng mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>F3PB-Id-3.1</i> <b>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwentong nagpapatunay ng sagot</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagtalakay sa Kuwento</li> </ul>		<p>5. Pagsagot ng Tanong Tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Magbigay ng mga tanong tungkol sa kuwento at ipabasa sa mga mag-aaral ang bahagi ng kuwento kung saan matatagpuan ang sagot.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-3</li> <li><b>Nababasa ang tula nang may wastong ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbasa ng Tula</li> </ul>	5./6. Pagbasa ng tula nang may wastong ekspresyon <ul style="list-style-type: none"> <li>Magturo ng bagong tula sa mga mag-aaral at sanayin sila na basahin ito nang may wastong ekspresyon.</li> </ul>	
	<b>KP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3KP-IIb-d-8</li> <li>Naibibigay ang magkatugmang salita sa tula</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magkatugmang Salita</li> </ul>	6./7. Pagpili ng mga magkatugmang salita sa tula <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipatukoy mag-aaral ang mga salitang magkakatumang sa tula.</li> </ul>	
5	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3</li> <li>Nakasasali sa pagbigkas ng napag-aralang tula</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tula: Napag-aralang tula sa Aralin 3 tungkol kay kabang</li> </ul>	1. Pagbigkas ng Tula <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipabigkas ang tulang itinuro sa nakaraang linggo.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ipabigkas ang tula sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at ipakilos naman ito sa mga mag-aaral sa Baitang 3. Sa mga susunod na araw, pagpalitin ang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan</li> </ul>	2. Pagtalakay sa Talasalitaang Napag-aralan <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayang ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa mga salitang napag-aralan ngayong linggo.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Magkaiba ang talasalitaan para sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naibibigay ang mga kailangang impormasyon sa isang talahanayan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng mahahalagang impormasyon batay sa isang talahanayan</li> </ul>	3. Pagsasanay sa Pagkuha ng Impormasyon sa Isang Talahanayan <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipagawa ang pagsasanay sa pagkuha ng impormasyon sa isang talahanayan.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
5	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nababasa nang maayos ang mga salitang pinaiksi at nagagamit ang mga ito sa pangungusap*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbasa at pagsulat ng pangungusap tungkol sa mga salitang pinaiksi</li> </ul>	4. Pagbasa nang wasto ng mga salitang pinaiksi at paggamit ng mga ito sa pangungusap <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga halimbawa ng mga salitang pinaiksi. Ipabasa sa mga mag-aaral at pagkatapos ay ipagamit sa pangungusap.</li> </ul>	
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-IIId-4 Nakukuha ang mga elemento ng kuwento gaya ng tauhan, tagpuan, at mahahalagang pangyayari</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Elemento ng Kuwento</li> </ul>	5. Pagtalakay sa mga elemento ng kuwentong binasa <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga tanong tungkol sa elemento ng kuwento.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Iminumungkahing pumili ng isang elemento ng kuwento bilang pokus para magkaroon ng mas malalim na talakayan. Magbigay ng parehong gawain sa mga mag-aaral. Subalit, kailangang siguruhing maipapaalala sa mga mag-aaral na magkaiba ang Leveled Reader na kanilang binasa.</i></p>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Naibibigay ang mga sagot na nagpapaliwanag sa tanong na Paano*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Tanong na nag-uumpisa sa <b>Paano</b></li> </ul>	6. Pagsagot sa mga tanong na nag-uumpisa sa <b>paano</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo ng mga tanong na nag-uumpisa sa “Paano” at pagkatapos ay ipasagot sa kanila ang mga nabuong tanong.</li> </ul>	
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3KM-IIe-3.1 <b>Nakasusulat ng isang maikling kuwento tungkol sa isang superhero nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng maikling kuwento tungkol sa isang superhero</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagsusulat ang mga mag-aaral sa Baitang 3, talakayin ang mga pagsasanay na sinagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 2.</li> </ul>	7. Pagsulat ng Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Magpasulat ng kuwento tungkol sa isang superhero nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat.</li> </ul>





ARALIN

15

LINGGUHANG GABAY NG GURO

**MULTIGRADE NA KLASE  
BAITANG 2 AT 3  
FILIPINO**

**TEMA: ANG ISANG BAYANI**

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 3: *ANG IDOLO NI BEATRICE***

**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO PARA SA MULTIGRADE NA KLASE (BAITANG 2 AT 3)**  
**YUNIT 2, ARALIN 15 (50 MINUTO)**

**Tema: Ang Isang Bayani**


**Leveled Reader para sa Baitang 3: Ang Idolo ni Beatrice** (Kuwento ni Sierra Mae Paraan at Guhit ni Rea Diwata Mendoza)

**DOMAINS:** EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon  
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa  
 PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita  
 WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas \* – Mga Layuning Idinagdag ng Basa

**Paunawa sa Guro:** Para sa linggong ito, gamitin ang **Gabay sa Pagtuturo ng Filipino (Teacher’s Guide) para sa Baitang 3** na ipinamahagi ng Basa Pilipinas. Mapapansing naka-**bold italic** ang mga layunin para sa **Baitang 3**.

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
1	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-2</i> <b>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pag-uulat</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay-ulat tungkol sa kilalang bayani.</li> </ul>	
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7</i> <b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>pinupuri, angkin, batas, isinantabi</b></li> <li>Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita</li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>	


Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I	PT	(context clues), katuturan, o kahulugan			
		<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita*</li> </ul>			
	PN	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naiugnay ang pakikingang tula sa sariling karanasan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak at Pagganyak na Tanong</li> </ul>	3. Paghahanda sa Pagbasa ng Kuwento a. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> <li>Magpakita ng sampung pisong barya at magtanong tungkol dito. Halimbawa: <i>Kilala ba ninyo ang bayaning nasa sampung pisong ito? Ano ang nalalaman ninyo tungkol sa kaniya?</i></li> </ul> b. Pagganyak na Tanong <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa tula at ipasagot ang tanong pagkatapos mapakinggan ng mga mag-aaral ang tula.</li> </ul>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-1 Nakikinig ng tula at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbasa ng guro ng tula at pagtalakay nito</li> </ul>	4. Pagbasa ng Tula <ul style="list-style-type: none"> <li>Basahin ang tula sa mga mag-aaral.</li> <li>Magtanong pagkatapos basahin ang bawat bahagi/pahina at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang reaksiyon.</li> </ul>	
PS	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PS-IIb-1 Naipapahayag ang sariling ideya/ damdamin/ reaksiyon tungkol sa napakinggang kuwento</li> </ul>		(a) Ano ang reaksiyon ng mga mag-aaral: Natuwa ba kayo? Nalungkot? Natakot? Mayroon ba kayong ibang naramdaman? (b) May naalala ba kayong tao, bagay, lugar, o pangyayari? (c) Naiugnay ba ninyo ito sa mga naunang nangyari sa kuwento o sa mga ibang kuwentong nabasa? Naiugnay ba ninyo ang kuwento sa palabas na napanood? (d) May salita ba kayong hindi naintindihan, lalo na iyong mga wala sa talasalitaan/ paghahawan ng balakid?		

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
1	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3 Nababasa ang tula nang may angkop na bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Tula</li> </ul>	5. Wastong Pagbasa ng Tula <ul style="list-style-type: none"> <li>Imodelo ang wastong pagbasa ng tula sa mga mag-aaral.</li> </ul>	
	KP	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3KP-Ib-f-8 <b>Naibibigay ang mga salitang magkatugma sa isang tula</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Salitang Magkatugma</li> </ul>	6. Pagsasanay sa mga Salitang Magkatugma <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng pagsasanay sa mga mag-aaral.</li> </ul>	
2	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-2 <b>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbibigay-ulat tungkol kay Apolinario Mabini</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kaalaman tungkol sa bayaning si Apolinario Mabini.</li> </ul>	
	PN	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PN-IIg-8.3 Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsasalaysay ng Kuwento</li> </ul>	2. Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng pagsasanay sa pares ng mga mag-aaral.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sinasagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 2 ang kanilang pagsasanay, ihanda ang mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbabasa.</li> </ul>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7 <b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Ang Idolo ni Beatrice</i> (Unang Bahagi)</li> <li>Paghawan ng Balakid: <b>hindi mapakali, pamilyan, tumataas ang balahibo</b></li> </ul>		2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksiyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>PT</b>	<i>kontekstuwal (context clues), katuturan o kahulugan</i>			ng katunog, at iba pa.
	<b>EP</b>	• <i>Naibibigay ang mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat*</i>	• Pagbibigay ng mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat		3. Pagtalakay sa Pabalat ng Aklat • Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat.
	<b>PS</b>	• F2PS-IIb-1 Nakapagbibigay ng tamang reaksiyon habang tinatalakay ang napakinggang kuwento	• Muling Pagbasa ng Kuwento	• Habang nagbabasa ang Baitang 3, muling basahin at talakayin ang pinakinggang kuwento para sa Baitang 2.	
	<b>PN</b>	• F2PN-IIIh-8.4 Naisasalaysay ang mga sunod-sunod na pangyayari sa kuwento	• Pagtalakay sa Kuwento		
	<b>TA</b>	• <i>F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</i>	• Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Ang Idolo ni Beatrice</i> (Unang Bahagi)		4. Pagbasa ng Leveled Reader  Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.  Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PN-III-9 Nakapagbibigay ng hinuha tungkol sa napakinggang kuwento</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghihinuha</li> </ul>	3./5. Pagsasanay tungkol sa tauhan ng kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Talakayin ang pangunahing tauhan ng kuwento gamit ang isang character map.</li> </ul>	
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PB-I-d-3.1 <b>Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pag-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong</li> </ul>	5. Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwentong nagsasaad ng sagot <ul style="list-style-type: none"> <li>Maghanda ng angkop na mga tanong batay sa kuwentong binasa/pinakinggan ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</li> </ul>	
3	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tula</li> <li>Awitin</li> </ul>	1. Pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin <ul style="list-style-type: none"> <li>Magturo ng tula o awit na ayon sa lingguhang tema.</li> </ul>	
	<b>PP</b> <b>PT</b> <b>PU</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nababasa, nagagamit sa pangungusap, at nababaybay nang wasto ang mga salitang may kambal-katinig*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbabaybay</li> <li>Kambal-Katinig</li> </ul>	2. Pagbabaybay at Kambal-Katinig <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga salitang may kambal-katinig. Ipabasa at ipabaybay ito sa mga mag-aaral.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Magkaiba ang mga salitang babaybayin ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</p>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
3	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakasasali sa pangkatang gawain at naisasagawa ang hinihinging gawain*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangkatang Gawain</li> </ul>	3. Pagsali sa Pangkatang Gawain a. Pagguhit b. Pagdugtong ng tauhan at hanapbuhay	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sumasali sa pangkatang gawain ang mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang mga nakasaad na paksa sa mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Napupunan ang talahanayan ng angkop na impormasyon*</li> </ul>		c. Paggamit ng talahanayan <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga tanong na angkop sa kuwentong binasa/napakinggan ng mga mag-aaral.</li> </ul>	
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b><i>Nahihinuha ang mga katangian ng tauhan batay sa kaniyang mga ginawa*</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghinuha ng Katangian ng Tauhan</li> </ul>		3. Pagbigay ng katangian ng tauhan mula sa kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng katangian ng mga tauhan sa kuwento.</li> </ul>
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2KM-IVd-1.5 Nakagagawa ng liham-pasasalamat</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Liham-Pasasalamat</li> </ul>	4. Pagsulat ng Liham-Pasasalamat <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng huwaran para maging gabay ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang liham-pasasalamat.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagsusulat ang mga mag-aaral sa Baitang 2, ipasagot ang pagsasanay sa mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b><i>Nasasabi kung ang ginamit na pandiwa sa pangungusap ay pangkasalukuyan o pangnagdaan*</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pandiwang pangnagdaan at pangkasalukuyan</li> </ul>		4. Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa pandiwang pangnagdaan at pangkasalukuyan <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng pagsasanay sa mga mag-aaral.</li> </ul>
4	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PS-IIe-h-5.1 Nakapagbabahagi ng sariling karanasan tungkol sa pamayanan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbahagi ng Karanasan</li> </ul>	I. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kuwento tungkol sa pangyayari/karanasan sa pamayanan.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-IIId-4 Nasasabi ang mga elemento ng kuwento: pamagat, tauhan, tagpuan, at mga pangyayari gaya ng problema at solusyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Elemento ng Kuwento</li> </ul>	2. Pagbasa ng Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Basahin ang kuwento sa mga mag-aaral.</li> </ul> 3. Pagkilala sa iba't ibang elemento ng kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Talakayin ang iba't ibang elemento ng kuwento.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang ang mga mag-aaral sa Baitang 2 ay gumagawa ng mga <i>graphic organizer</i>, gabayan ang mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbabasa ng kanilang Leveled Reader.</li> </ul>
		<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakagagamit ng mga <i>graphic organizer</i> sa pagsasaayos ng mga elemento ng kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga <i>Graphic Organizer</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga <i>graphic organizer</i> para sa mas malinaw na pagkilala ng mga elemento ng kuwento.</li> </ul>	
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PT-IIId-1.7; F3PT-IIa-2.3 <b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, kahulugan, o kasingkahulugan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Ang Idolo ni Beatrice</i> (Ikalawang Bahagi)</li> <li>Paghawan ng Balakid: <b>malumpo, tagapayo, konstitusyon</b></li> </ul>		2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>



Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PB-IIa-1</i> <b>Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsagot ng Pangganyak na Tanong</li> </ul>		<p>3. Paghahanda sa pagbasa ng kuwento</p> <p>a. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipakuwento sa mga mag-aaral ang unang bahagi ng Leveled Reader.</li> </ul> <p>b. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa tula at ipasagot ang tanong pagkatapos mapakinggan ng mga mag-aaral ang kuwento.</li> </ul> <p>Halimbawa: <i>Ano-ano pa kaya ang nagawa ni Mabini para sa ating bayan?</i></p>
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-3</i> <b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 3 Leveled Reader: <i>Ang Idolo ni Beatrice</i> (Ikalawang Bahagi)</li> </ul>		<p>4. Pagbasa ng Leveled Reader</p> <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PB-I-d-3.1</i> <b>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwentong nagpapatunay ng sagot</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay ng Kuwento</li> </ul>		<p>5. Pagsagot sa tanong tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga tanong tungkol sa kuwento at ipabasa sa mga mag-aaral ang bahagi ng kuwentong nagpapatunay ng kanilang mga sagot.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa binasang kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng Sariling Opinyon</li> </ul>	4./6. Pagbigay ng Sariling Opinyon <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng kanilang mga opinyon sa kuwentong binasa.</li> </ul>	
	<b>PU</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PU-Ii-c-3.2 Nakasulat sa kabit-kabit na paraan nang may tamang laki at layo sa isa't isa, malaki, at maliit na letra; mga salita</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng pangungusap gamit ang kabit-kabit na titik</li> </ul>	<b>Para sa Guro:</b> <i>Ipasulat sa paraang kabit-kabit ang mga opinyon ng mga mag-aaral.</i>	
5	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-2 Naipahahayag ang ideyalkaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagpupulso</li> </ul>	I. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> <li>Magsagawa ng mabilisang pagpupulso para sa mga aralin ngayong linggo.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Isang anyo ng pagtataya ang pagpupulso. Ginagawa ito para malaman ng guro kung naunawaan ng mga mag-aaral ang paksang tinalakay. Hindi tulad ng lingguhang pagtataya, nakatuon o nakapokus lamang ang gawaing ito sa paksa at kasanayang napag-aralan sa araw na iyon.</i></p> <p><b>Mga Mungkahing Pamamaraan</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Pagtatanong tungkol sa nakuhang marka sa naunang pagsasanay at paghikayat na sabihin kung bakit nahirapan sila sa gawain</li> <li>Pagtsek ng natutuhan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng laro</li> <li>Paghingi ng buod sa paksang natalakay o kasanayang natutuhan</li> </ol> <p><b>Dagdag na Tala:</b> <i>Ano ang gagawin pagkatapos malaman ang resulta ng pagpupulso?</i></p>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
5				<p>a. Kung kakaunti ang mag-aaral na nahirapan <i>Gamitin ang oras para sa remedial class upang muling ituro ang pakasang napag-aralan sa mga mag-aaral na nahihirapan.</i></p> <p>b. Kung mahigit sa kalahati ng klase ang nahirapan <i>Maglaan ng 10–15 minuto sa susunod na araw para muling maituro ang aralin sa mga mag-aaral.</i></p>	
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit nang wasto ang mga panghalip panao na nagsasaad ng pag-aari*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Panghalip Panao na Paari: <b>Amin, atin, kanila</b></li> </ul>	<p>2. Pagbibigay ng wastong gamit ng <b>atin, amin, at kanila</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng <b>atin, amin, at kanila.</b></li> </ul> <p>3. Pagsagot sa Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng pagsasanay para sa pakasang natalakay.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagsasagot ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang mga pakasang nakasaad para sa mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Naibibigay ang pagkakatulad ng mga tauhan sa kuwento*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghahambing ng mga Tauhan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagsasagot ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa Baitang 3, talakayin ang pagsasanay na sinagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 2.</li> </ul>	<p>2. Pagbigay ng magkatulad na ugali ng dalawang tauhan sa kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtutulad ng katangian ng mga tauhan sa kuwento.</li> </ul>
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nakasusulat ng isang talambuhay tungkol sa isang bayani nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat *</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng Talambuhay</li> </ul>		<p>3. Pagsulat ng Talambuhay</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng talambuhay ni Mabini nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
5	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan</li> </ul>	4. Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan <ul style="list-style-type: none"> <li>Maghanda ng pagsasanay na akma sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</li> </ul>	
	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naibibigay ang mahahalagang impormasyon sa nilalaman ng aklat*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Nilalaman ng Aklat</li> </ul>	5. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga nilalaman ng aklat <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga tanong tungkol sa aklat na binasa sa linggong ito.</li> </ul>	

ARALIN

16

LINGGUHANG GABAY NG GURO

**MULTIGRADE NA KLASE  
BAITANG 2 AT 3  
FILIPINO**

**TEMA: ANG ISANG BAYANI**

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 2: BAGYO!**

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 3: ANG MGA BABAENG BAYANI  
SA BANSA**

## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO PARA SA MULTIGRADE NA KLASE (BAITANG 2 AT 3) YUNIT 2, ARALIN 16 (50 MINUTO)

**Tema: Ang Isang Bayani**

**Leveled Reader para sa Baitang 2: *Bagyo!*** (Kuwento nina Ani Rosa Almario at Yvette Tan; Guhit ni Rea Diwata Mendoza)

**Leveled Reader para sa Baitang 3: *Ang Mga Babaeng Bayani sa Bansa*** (Kuwento ni Sierra Mae Paraan at Guhit ni Rea Diwata Mendoza)

**DOMAINS:** EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon  
PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa  
PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita  
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas \* – Mga Layuning Idinagdag ng Basa

**Paunawa sa Guro:** Para sa linggong ito, gamitin ang ***Gabay sa Pagtuturo ng Filipino (Teacher’s Guide)*** para sa Baitang 3 na ipinamahagi ng Basa Pilipinas. Mapapansing naka-***bold italic*** ang mga layunin para sa Baitang 3.

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3 Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tula</li> <li>Mga Awitin</li> </ul>	1. Pagbigkas ng Tula at Pagkanta ng mga Awitin <ul style="list-style-type: none"> <li>Magturo ng tula o awit na ayon sa lingguhang tema.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ipabigkas ang tula sa mga mag-aaral sa Baitang 2 ang tula/awit at ipakilos naman ito sa mga mag-aaral sa Baitang 3. Sa mga susunod na araw, pagpalitin ng gawain ang mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7 <b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>tagapagtatag, pananakop, kasagsagan, magpamahagi</b></li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksiyonaryo, at iba pa.) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkuhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I	PT	<p>(context clues), katuturan, o kahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit sa pangungusap ang mga napag-aralang salita*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paggamit sa pangungusap ng mga napag-aralang salita</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ipagamit sa pangungusap ang mga salitang napag-aralan.</li> </ul>	
	PN	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naiuugnay ang Pakikinggang Kuwento sa sariling karanasan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak at Pangganyak na Tanong</li> </ul>	<p>3. Paghahanda sa Pagbasa ng Kuwento</p> <p>a. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magpakita ng 500 piso at 1,000 piso, at magtanong tungkol dito. Halimbawa: <i>Tingnan ang bayaning tampok sa mga papel na perang hawak ko. Kilala ba ninyo sila?</i></li> </ul> <p>b. Pangganyak na tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa tula at ipasagot ang tanong pagkatapos mapakinggan ng mga mag-aaral ang kuwento. Halimbawa: <i>Sino kaya si Josefa Llanes Escoda?</i></li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Makikita ang pakikinggang kuwento sa Gabay sa Pagtuturo para sa Baitang 3, pahina 173.</p>	
	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-1 Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikinggang Kuwento: “Ang Mga Babaeng Bayanisa Bansa”</li> </ul>	<p>4. Pagbasa ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magtanong pagkatapos basahin ang bawat bahagi/pahina at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang reaksiyon.</li> </ul> <p>(a) Ano ang reaksiyon ng mga mag-aaral: Natuwa ba kayo? Nalungkot? Natakot? Mayroon ba kayong ibang naramdaman?</p> <p>(b) May naalala ba kayong tao, bagay, lugar, o pangyayari?</p>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral		
				Baitang 2	Baitang 3	
I				(c) Naiugnay ba ninyo ito sa mga naunang nangyari sa kuwento o sa mga ibang kuwentong nabasa Naiugnay ba ninyo ang kuwento sa palabas na napanood?		
				(d) May salita ba kayong hindi naintindihan, lalo na iyong mga wala sa talasalitaan/paghahawan ng balakid?		
	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa maikling kuwento*</li> <li>Naibibigay ang mahahalagang detalye tungkol sa tauhan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng mahahalagang detalye tungkol sa tauhan</li> </ul>	5. Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga tanong tungkol sa kuwento at ipasagot ang mga ito sa mga mag-aaral.</li> </ul>	
	<b>PT PU KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nababasa at nababaybay nang wasto ang mga salitang may kambal-katinig /kr/ at /dr/*</li> <li>Nababaybay nang wasto ang mga salitang may kambal-katinig /kr/ at /dr/*</li> <li>Nakasusulat ng sariling pangungusap ng mga salitang pinag-aralan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Salitang may Kambal-Katinig</li> </ul>	6. Pagbasa at pagbaybay ng mga salitang may kambal-katinig	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga salitang may kambal-katinig. Ipabasa at ipabaybay ang mga ito sa mga mag-aaral.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Magkaiba ang mga salitang babaybayin ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3. Magbigay ng mga salitang akma sa mga mag-aaral.</p>	
					7. Paggamit ng kambal-katinig at talasalitaan sa loob ng pangungusap	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ipagamit sa pangungusap ang mga salitang may kambal-katinig sa mga mag-aaral.</li> </ul>



Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PS-If-3.1 Nakababahagi ng karanasan tungkol sa nangyayari sa pamayanan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Karanasan o sa nangyayari kapaligiran o sa pamayanan</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kuwento tungkol sa paksang tatalakayin.               <ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2 – Mga Karanasan sa Paligid/Pamayanan</li> <li>Baitang 3 – Kaalaman sa mga Babaeng Bayani</li> </ul> </li> </ul>	
	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakasasali sa pangkatang gawain*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangkatang Gawain</li> </ul>	2. Pagsali sa mga pangkatang gawain at paggawa ng mga itinakdang gawain <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng angkop na mga aktibidad batay sa kuwentong pinakinggan.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sumasali sa pangkatang gawain ang mga mag-aaral sa Baitang 2, gabayan ang mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbabasa ng Leveled Reader.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7 <b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>tinalakay at sabat</b></li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksiyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> <li>Ipagamit sa pangungusap ang mga salitang napag-aralan.</li> </ul>	
	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Naibibigay ang mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat</li> </ul>	3. Paghahanda sa pagbasa ng Leveled Reader <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-3</li> <li><b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Ang Mga Babaeng Bayani sa Bansa</i> (Unang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang tahimik na nagbabasa ang mga mag-aaral sa Baitang 3, talakayin ang mga pangkatang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2. Pagkatapos, talakayin ang kuwento.</li> </ul>	4. Pagbasa ng Leveled Reader  Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.  Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.
	PN	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PN-IIIj-12</li> <li>Nakapagbibigay ng hinuha tungkol sa napakinggang kuwento</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa Kuwento</li> </ul>	3. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento  <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na itanghal at ipakita ng mga pangkat ang kanilang natapos sa aktibidad.</li> </ul>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li>Nailalarawan ang mga tauhan sa napakinggang kuwento batay sa ginawa ng mga ito*</li> </ul>			
		<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakapagbibigay ng tamang reaksiyon habang tinatalakay ang napakinggang kuwento*</li> </ul>			
PP PU	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Napipili ang mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga salitang hiram sa ingles na binaybay sa wikang Filipino</li> </ul>	4./5. Pagpili sa mga salitang hiram sa ingles na binaybay sa wikang Filipino  <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng halimbawa ng mga salita sa Filipino at mga salitang hiram sa Ingles.</li> <li>Gabayang ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga salitang hiram sa Ingles sa mga halimbawa.</li> </ul>		
PT	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nagagamit sa pangungusap ang mga salitang hiram*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paggamit sa pangungusap ng mga salitang hiram</li> </ul>	5./6. Paggamit sa pangungusap ng mga salitang hiram sa ingles  <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipagamit sa mga mag-aaral ang mga salitang hiram sa Ingles sa pangungusap.</li> </ul>		

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
3	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3 Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tula</li> <li>Mga Awitin</li> </ul>	1. Pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin  <ul style="list-style-type: none"> <li>Magturo ng tula o awit na ayon sa lingguhang tema.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ipabigkas/Ipakanta ang tula/awit sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at ipakilos naman ito sa mga mag-aaral sa Baitang 3. Sa mga susunod na araw, pagpalitin ang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakasasali sa pagbalik-aral sa kuwento at nadudugtungan ang inumpisahang kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagdugtong ng Kuwento</li> </ul>	2. Gawaing magkapatres: pagdurugtong sa inumpisahang kuwento  <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng panuto para sa gawain ng mga pares ng mag-aaral.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang ginagawa ang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang mga pangunahing ideya kasama ang mga mag-aaral sa Baitang 3. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong sa tulong ng kapares/katabi.</li> </ul>
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-2 <b>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Bahaginan</li> </ul>		
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Napipili ang mga detalyeng angkop sa pangunahing ideya*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga detalye para sa pangunahing ideya</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang ginagawa ng mga mag-aaral sa Baitang 3 ang aktibidad, talakayin ang paggawa ng liham sa mga mag-aaral sa Baitang 2.</li> </ul>	2. Pagsipi sa mga detalyeng angkop sa pangunahing ideya

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
3	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2KM-IVd-1.5 Nakasulat ng isang liham na nagbibigay-payo*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Liham na Nagbibigay-Payo</li> </ul>	3. Pagsulat ng liham na nagbibigay ng payo <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng huwaran para maging gabay ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang liham.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang gumagawa ng liham ang mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang mga paksa na nakasaad para sa mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PT-Ij-2.3 <b>Naibibigay ang mga salitang magkasingkahulugan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Salitang Magkasingkahulugan</li> </ul>		3. Pagsipi sa mga salitang Magkasingkahulugan <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng halimbawa ng mga salitang makasingkahulugan.</li> </ul>
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Naibibigay ang pandiwang panghinaharap at ang angkop na salitang nagsasabi kung kailan ginawa ang aksiyon*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pandiwang Panghinaharap</li> </ul>	4. Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa pandiwang panghinaharap <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipasagot ang pagsasanay sa mga mag-aaral.</li> </ul>	
	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa napakinggang kuwento*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Sanhi at Bunga</li> </ul>	5. Pagbibigay ng sanhi/dahilan at bunga sa napakinggang kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Talakayin ang kahulugan ng sanhi at bunga.</li> <li>Magbigay ng maikling pagsasanay.</li> </ul>	
4	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Bahaginan</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sagot sa pagsasanay sa nakaraang araw.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naibibigay ang sanhi/dahilan at bunga ng mga pangyayari*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikinggang Kuwento: “Ang Pambihirang Sombrero”</li> <li>Dahilan at Bunga</li> </ul>	2. Pagbasa Muli ng Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Basahin muli ang kuwento.</li> </ul> 3. Pagkilala sa dahilan at bunga ng mga pangyayari <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng gawain o pagsasanay.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagsasagot ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa Baitang 2, gabayan ang mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbasa ng Leveled Reader</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7</i></li> <li><b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>nakabase, idisenyo, espiya</b></li> </ul>		2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa.) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> <li>Ipagamit sa pangungusap ang mga salitang napag-aralan.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PB-IIa-1</i></li> <li><b>Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong</li> </ul>		3. Paghahanda sa Pagbasa ng Kuwento <ol style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak               <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipakuwento sa mga mag-aaral ang unang bahagi ng Leveled Reader.</li> </ul> </li> <li>Pangganyak na Tanong               <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa tula at ipasagot ang tanong pagkatapos</li> </ul> </li> </ol>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4					mapakinggan ng mga mag-aaral ang kuwento.  Halimbawa: <i>Sino-sino ang mga babaeng binanggit ni Bb. Cabiles? Ano-ano ang ginawa nila para sa bayan?</i>
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-3 <b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Ang Mga Babaeng Bayani sa Bansa</i> (Ikalawang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagbabasa nang tahimik ang mga mag-aaral sa Baitang 3, bigyan ang mga mag-aaral sa Baitang 2 ng gawain sa pagsusulat nang kabit-kabit.</li> </ul>	<p>4. Pagbasa ng Leveled Reader</p> <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p>
	<b>PU</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PU-Iic-3.2 Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't isa, malaki at maliit na letra na mga salita</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng pangungusap gamit ang kabit-kabit na titik</li> </ul>	<p>4. Pagsulat nang Kabit-Kabit</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga pangungusap at ipasulat ito sa mga mag-aaral nang kabit-kabit.</li> </ul>	
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PB-IIa-b-3.1.1 Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwentong sumasagot sa tanong</li> </ul>		<p>5. Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa Leveled Reader.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Maaaring ipasagot ang Skill Builder sa Leveled Reader.</i></p>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
5	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3 Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tula</li> <li>Mga Awitin</li> </ul>	1. Pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin  <ul style="list-style-type: none"> <li>Magturo ng tula o awit na ayon sa lingguhang tema.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ipabigkas/Ipakanta ang tula/awit sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at ipakilos naman ito sa mga mag-aaral sa Baitang 3. Sa mga susunod na araw, pagpalitin ang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-2 Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Bahaginan</li> </ul>	2. Bahaginan  <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang reaksiyon sa kuwentong binasa.</li> </ul>	
	EP	<ul style="list-style-type: none"> <li>F1EP-Ivh-2.2 Naibibigay ang impormasyon sa pictograph</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng mahahalagang impormasyon batay sa isang pictograph</li> </ul>	3. Pagkuha ng impormasyon sa isang pictograph  <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipagawa ang pagsasanay sa pagkuha ng impormasyon sa isang pictograph.</li> </ul>	
	PB	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nasasabi kung ang nakasaad na pangungusap ay katunayan o opinyon*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Katunayan o Opinyon</li> </ul>	4. Pagsasanay tungkol sa pangungusap na nagsasaad ng katunayan at opinyon  <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipasagot sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa mga pangungusap na nagsasaad ng katunayan at opinyon.</li> </ul>	
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan</li> </ul>	5. Pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan  <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng pagsasanay para sa mga salitang napag-aralan ngayong linggo.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
5	<b>PU</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nababaybay nang wasto sa wikang Filipino ang mga salitang hiram sa Ingles*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbaybay sa wikang Filipino ng mga salitang hiram</li> </ul>	6. Pagbaybay ng mga salitang hiram sa wikang Filipino <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga pagsasanay na akma sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</li> </ul>	
	<b>KM</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3KM-IIe-3.1</i> <b>Nakasulat ng isang talambuhay tungkol sa isang bayaning babae nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng talambuhay ng bayaning babae</li> </ul>	7. Pagsulat ng talambuhay ng mga bayaning babae ng bansa <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng talambuhay nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> Para sa Baitang 2, maaaring magpagawa ng pagsasanay na may ibang paksa.</p>	



ARALIN

17

LINGGUHANG GABAY NG GURO

**MULTIGRADE NA KLAASE  
BAITANG 2 AT 3  
FILIPINO**

**TEMA: ANG AKING PAMAYANAN**

**READ ALOUD STORY: *HATING KAPATID***

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 3: *MISTERYO SA VILLA SOLEDAD***

## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO PARA SA MULTIGRADE NA KLASE (BAITANG 2 AT 3) YUNIT 2, ARALIN 17 (50 MINUTO)

**Tema: Ang Aking Pamayanan**

**Read Aloud Story: *Hating Kapatid*** (Kuwento ni Raissa Rivera Falgui at Guhit ni Frances Alvarez)

**Leveled Reader para sa Baitang 3: *Misteryo sa Villa Soledad*** (Kuwento nina Sierra Mae Paraan, Ani Rosa Almario, at Yvette Tan; Guhit ni Jericho Moral)


**DOMAINS:** EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon  
PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa  
PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita  
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas \* – Mga Layuning Idinagdag ng Basa

**Paunawa sa Guro:** Para sa linggong ito, gamitin ang ***Gabay sa Pagtuturo ng Filipino (Teacher’s Guide)*** para sa Baitang 2 na ipinamahagi ng Basa Pilipinas. Mapapansing naka-***bold italic*** ang mga layunin para sa Baitang 3.

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
1	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3 Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Napag-aralang Tula o Kanta</li> </ul>	1. Pagbigkas ng tula o pag-awit ng kanta <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipabigkas ang tula o ipaawit ang kanta.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ipabigkas/Ipaawit sa mga mag-aaral sa Baitang 2 ang tula/awit at ipakilos naman ito sa mga mag-aaral sa Baitang 3. Sa mga susunod na araw, pagpalitin ang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PT-IIb-1.7 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Read Aloud Story: <i>Hating Kapatid</i></li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I		<i>kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid: <b>umalma, hating kapatid</b></li> </ul>		
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita</li> </ul>	3. Paggamit sa pangungusap ng mga napag-aralang salita	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ipagamit sa pangungusap ang mga salitang napag-aralan.</li> </ul>
	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2PN-IIb-2 Naiuugnay ang pakikinggang kuwento sa sariling karanasan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak at Pangganyak na Tanong</li> </ul>	4. Paghahanda sa Pagbasa ng Kuwento	a. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang tanong: <i>Kapag may pagkain kayo, paano ninyo ito hinahati sa inyong magkakapatid?</i></li> </ul> b. Pangganyak na Tanong <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa kuwento at ipasagot ang tanong pagkatapos mapakinggan ng mga mag-aaral ang kuwento.</li> </ul> Halimbawa: <i>Paano hinati ni Kuya ang pagkain sa kanilang magkakapatid?</i>
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-1 <b>Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbasa at pagtalakay sa kuwentong <i>Hating Kapatid</i></li> </ul>	5. Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magtanong pagkatapos basahin ang bawat bahagi/pahina at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang reaksiyon.               <ul style="list-style-type: none"> <li>(a) Ano ang reaksiyon ng mga mag-aaral: Natuwa ba kayo? Nalungkot? Natakot? Mayroon ba kayong ibang naramdaman?</li> <li>(b) May naalala ba kayong tao, bagay, lugar, o pangyayari?</li> </ul> </li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
1	PN			(c) Naiugnay ba nila ito sa mga naunang nangyari sa kuwento o sa mga ibang kuwentong nabasa na ninyo? Naiugnay ba ninyo ang kuwento sa palabas na napanood?	
		<ul style="list-style-type: none"> <li>Naitatala ang mahahalagang impormasyon tungkol sa binasang kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtatala ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kuwento</li> </ul>	(d) May salita ba kayong hindi naintindihan, lalo na iyong mga wala sa talasalitaan/ paghahawan ng balakid?	6. Pagbigay ng Mahahalagang Impormasyon tungkol sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa kuwento.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Iminumungkahing pumili ng isang elemento ng kuwento para sa mas malalim na talakayan. Gamit ang story map o banghay, talakayin ang mahahalagang pangyayari sa kuwento.</i></p>
2	PS TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-2 Naipahahayag ang idey/kaisipan/ damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Bahaginan</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa paksang tatalakayin sa bawat baitang.               <ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2 – Karanasan tungkol sa Kapitbahay</li> <li>Baitang 3 – Kaalaman tungkol sa Makasaysayang Lugar sa Pilipinas</li> </ul> </li> </ul>	
	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-3 Nababasa ang mga parirala nang may tamang ekspresyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baitang 2 Leveled Reader: Bagyo</li> <li>Paghawan ng Balakid</li> </ul>	2. Pagbasa ng Leveled Reader <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipabasa sa mga pares ng mag-aaral ang Leveled Reader.</li> </ul>	
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-3; F3PB-I-d-3.1 Nakababasa ng Leveled Reader at nasasagot ang mga tanong tungkol dito</li> </ul>		3. Pagtalakay sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa ipinabasang Leveled Reader.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagbabasa ang mga mag-aaral sa Baitang 2, gabayan ang mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbabasa ng kanilang Leveled Reader.</li> </ul>


Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7</li> <li><b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid</li> </ul>		2. Paghawan ng Balakid <ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>
	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Naibibigay ang mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng Mahahalagang Impormasyon sa Pabalat ng Aklat</li> </ul>		3. Pagtalakay sa Pabalat ng Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mahahalagang impormasyon sa pabalat ng aklat.</li> </ul>
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-3</li> <li><b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Misteryo sa Villa Soledad</i> (Unang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang tahimik na nagbabasa ang mga mag-aaral sa Baitang 3, talakayin ang Leveled Reader na binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 2.</li> </ul>	4. Pagbasa ng Leveled Reader <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
2	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PB-I-d-3.1</i> <b>Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pag-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwentong sumasagot sa tanong</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring gamitin ang libreng oras ng mga mag-aaral sa Baitang 2 para magbasa o magsagot ng mga pagsasanay bilang balik-aral sa mga paksang natalakay.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>5. Pagtalakay sa Leveled Reader</li> <li>Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong tungkol sa kuwento at ipabasa sa kanila ang mga bahaging nagsasaad ng sagot.</li> </ul>
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naibibigay ang wastong pandiwang panghinaharap*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pandiwang panghinaharap</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>3./6. Pagbigay ng wastong pandiwang panghinaharap</li> <li>Magbigay ng mga tanong na akma sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</li> </ul>	
3	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3 Nakasasali sa pagbigkas ng tula</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tula tungkol sa Makasaysayang Lugar</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>1. Pagbigkas ng Tula</li> <li>Ipabigkas ang tula.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Ipabigkas/Ipakanta sa mga mag-aaral sa Baitang 2 ang tula/awit at ipakilos naman ito sa mga mag-aaral sa Baitang 3. Sa mga susunod na araw, pagpalitin ang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nagagamit ang wastong pandiwang panghinaharap*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paggamit sa pangungusap ng pandiwang panghinaharap</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Pagbalik-aral sa pandiwa</li> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral.</li> <li>Habang sumasagot ang Baitang 3 ng pagsasanay sa pandiwa, gabayan ang Baitang 2 sa pagbabasa ng Leveled Reader.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng dagdag na pagsasanay sa mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
3	<b>TA PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F2TA-0a-j-3; F2PB-Iia-b-3.1.1 Nababasa nang mag-isa ang Leveled Reader at nasasagot ang pagsasanay tungkol dito</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 2: <i>Bagyo!</i></li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sumasagot sa pagsasanay ang mga mag-aaral sa Baitang 2, talakayin ang mga gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b><i>Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento*</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>3. Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento</li> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa Leveled Reader.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b><i>Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan*</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paggamit ng napag-aralang talasalitaan</li> </ul>	3./5. Pagbaybay ng mga Salita <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng mga salitang ipababaybay sa mga mag-aaral.</li> </ul> <b>Para sa Guro:</b> <i>Magkaiba ang mga salitang ibabaybay ng mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>4. Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan</li> <li>Magbigay ng pagsasanay para sa mga salitang napag-aralan ngayong linggo.</li> </ul>
	<b>PY</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F1PY-IVh-2.2 Nababaybay ang mga salita sa Leveled Reader</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbabaybay</li> </ul>		
	<b>PU</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F1PY-IVh-2.2 Nababaybay ang mga salitang may 3–5 pantig na napag-aralan sa kuwento</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbaybay ng mga salitang may 3–5 Pantig</li> </ul>		

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
3	KM	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>Nakasulat ng pangungusap tungkol sa planong gawin kapag walang pasok*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Komposisyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>4. Pagsulat ng plano kapag walang pasok</li> <li>• Magbigay ng huwaran para maging gabay ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang plano.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Habang ginagawa ng mga mag-aaral sa Baitang 2 ang kanilang gawain, talakayin ang sagot sa pagsasanay na ginawa ng mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
4	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <b>F3TA-0a-j-2 Naipahahayag ang ideyalkaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpupulso</li> </ul>	<p>I. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Magsagawa ng mabilisang pagpupulso para sa mga aralin ngayong linggo.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Isang anyo ng pagtataya ang pagpupulso. Ginagawa ito para malaman ng guro kung naunawaan ng mga mag-aaral ang paksang tinalakay. Hindi tulad ng lingguhang pagtataya, nakatuon o nakapokus lamang ang gawaing ito sa paksa at kasanayang napag-aralan sa araw na iyon.</i></p> <p><b>Mga Mungkahing Pamamaraan</b></p> <p>a. Pagtatanong tungkol sa nakuhang marka sa naunang pagsasanay at paghikayat na sabihin kung bakit nadalian/nahirapan sila sa gawain</p> <p>b. Pagtsek ng natutuhan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng laro c. Paghingi ng buod sa paksang natalakay o kasanayang natutuhan.</p> <p><b>Dagdag na Tala:</b> <i>Ano ang gagawin pagkatapos malaman ang resulta ng pagpupulso?</i></p> <p>a. Kung kakaunti ang mag-aaral na nahirapan <i>Gamitin ang oras para sa remedial class upang muling ituro ang paksang napag-aralan sa mga mag-aaral na nahirapan.</i></p> <p>b. Kung mahigit sa kalahati ng klase ang nahirapan <i>Maglaan ng 10–15 minuto sa susunod na araw para muling maituro ang aralin sa mga mag-aaral.</i></p>	



Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	<b>EP</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>FIEP-IVh-2.2 Naibibigay ang mga impormasyon sa isang pictograph</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagkuha ng impormasyon sa pictograph</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Pagsasanay tungkol sa pagkuha ng Impormasyon sa isang pictograph</li> <li>Magbigay ng halimbawa para maging gabay ng mga mag-aaral sa pagkuha ng impormasyon sa isang pictograph.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sinasagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 2 ang kanilang pagsasanay, gabayan sa pagbabasa ng Leveled Reader ang mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7 <b>Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, kahulugan, o kasingkahulugan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghawan ng Balakid</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Paghawan ng Balakid</li> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PB-IIa-1 <b>Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot sa pangganyak na tanong</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>3. Paghahanda sa Pagbasa ng Leveled Reader</li> <li>Ipakuwento sa mga mag-aaral ang unang bahagi ng Leveled Reader at ipasagot ang ilang tanong tungkol dito.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
4	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-3</i> <b>Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 3: <i>Misteryo sa Villa Soledad</i> (Ikalawang Bahagi)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagbabasa nang tahimik ang mga mag-aaral sa Baitang 3, talakayin ang gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 2.</li> </ul>	<p>4. Pagbasa ng Leveled Reader</p> <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay.</p>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3PB-I-d-3.1</i> <b>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwentong nagpapatunay ng sagot*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagtalakay ng Kuwento</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring gamitin ang libreng oras ng mga mag-aaral sa Baitang 2 para magbasa o sumagot ng mga pagsasanay bilang balik-aral sa mga paksang natalakay.</li> </ul>	<p>5. Pagtalakay sa Leveled Reader</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong tungkol sa kuwento at ipabasa ang bahagi ng kuwentong nagpapatunay ng kanilang sagot.</li> </ul>
5	PS TA	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-2</i> <b>Naipahahayag ang ideyalkaisipan/ damdamin/ reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Bahaginan</li> </ul>	<p>I. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng sariling karanasan tungkol sa paksa ng kuwento.</li> </ul>	

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
5	<b>WG</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naibibigay ang impormasyon sa pictograph*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng mahahalagang impormasyon batay sa isang pictograph</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Pagsasanay tungkol sa pagkuha ng Impormasyon sa isang pictograph</li> <li>Magbigay ng pagsasanay sa mga mag-aaral sa pagkuha ng impormasyon sa isang pictograph.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Kung sapat ang oras sa klase, maaaring ipasagot sa mga mag-aaral ang ibang pagsasanay sa Gabay sa Pagtuturo para sa Baitang 2.</i></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang sinasagutan ng mga mag-aaral sa Baitang 2 ang kanilang pagsasanay, talakayin ang mga gawain ng mga mag-aaral sa Baitang 3.</li> </ul>
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nasasagot ang tanong na Bakit Kaya sa pamamagitan ng pagbigay ng dahilan*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbigay ng Dahilan</li> </ul>		<ul style="list-style-type: none"> <li>2. Pagsasanay tungkol sa pagbibigay ng dahilan</li> <li>Gabayang ang mga mag-aaral sa pagsagot ng kanilang mga pagsasanay.</li> </ul>
	<b>PT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naibibigay ang kasingkahulugan ng napag-aralang talasalitaan*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan at pagbibigay ng kasingkahulugan nito</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>3. Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan at ang kasingkahulugan nito</li> <li>Magbigay ng mga pagsasanay para sa mga salitang makasingkahulugan na napag-aralan ngayong araw.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Magkaiba ang talasalitaan para sa mga mag-aaral sa Baitang 2 at 3.</i></p>	
		<ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nakasusulat ng pangungusap tungkol sa napag-aralang talasalitaan*</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng Pangungusap</li> </ul>		
<b>KM TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F2KM-IIe-3.1; F3TA-0a-j-4</i></li> <li><b>Nakasusulat ng isang liham pangkaibigan na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsulat ng liham pangkaibigan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring gamitin ang libreng oras ng mga mag-aaral sa Baitang 2 para magbasa o magsagot ng mga pagsasanay bilang balik-aral sa mga paksang natalakay.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>5. Pagsulat ng Liham Pangkaibigan</li> <li>Magpasulat sa mga mag-aaral ng liham pangkaibigan na may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat.</li> </ul>	



ARALIN

18

LINGGUHANG GABAY NG GURO

# MULTIGRADE NA KLASE BAITANG 2 AT 3 FILIPINO

**TEMA: ANG AKING PAMAYANAN**

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 2: *ANG BAGONG KAPITBAHAY***

**LEVELED READER PARA SA BAITANG 3: *MISTERYO SA VILLA SOLEDAD***

## LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO PARA SA MULTIGRADE NA KLASE (BAITANG 2 AT 3)

## YUNIT 2, ARALIN 18 (50 MINUTO)

**Tema: Ang Aking Pamayanan**

**Leveled Reader para sa Baitang 2: Ang Bagong Kapitbahay** (Kuwento nina Ani Rosa Almario at Yvette Tan; Guhit ni Rea Diwata Mendoza)

**Leveled Reader para sa Baitang 3: Misteryo sa Villa Soledad** (Kuwento nina Sierra Mae Paraan, Ani Rosa Almario, at Yvette Tan; Guhit ni Jericho Moral)

**DOMAINS:** EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon  
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa  
 PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita  
 WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas \* – Mga Layuning Idinagdag ng Basa

**Paunawa sa Guro:** Para sa linggong ito, gamitin ang ***Gabay sa Pagtuturo ng Filipino (Teacher’s Guide)*** para sa Baitang 2 na ipinamahagi ng Basa Pilipinas. Mapapansing naka-***bold italic*** ang mga layunin para sa Baitang 3.


Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I	PS	<ul style="list-style-type: none"> <li><b><i>Nakapagbabahagi ng sariling karanasan tungkol sa kapitbahay*</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Karanasan sa nangyayari sa kapaligiran o sa pamayanan</li> </ul>	1. Bahaginan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng personal na karanasan tugkol sa ibinigay na paksa.</li> </ul>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li><b><i>F3PT-IIIe-1.8; FPT-IIId-1.7 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (context clues), katuturan, o kahulugan</i></b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pakikinggang Kuwento (Listening Story): “Misteryo ng Villa Soledad” (Ikalawang Kuwento)</li> <li>Paghawan ng Balakid: <b><i>sekreto, nagtatangka sa buhay, hapag</i></b></li> </ul>	2. Paghawan ng Balakid	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapasipi ng sanggunian (<i>Gabay sa Pagtuturo</i>, diksyonaryo, at iba pa,) pagkukuwento ng ibang kontekstong kinakitaan na nito, pagkilos, pagguhit, pagturo, pagtukoy sa salitang-ugat, pagbibigay ng katunog, at iba pa.</li> <li>3. Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita</li> <li>Ipagamit sa pangungusap ang mga salitang napag-aralan.</li> </ul>

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
I	PT	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita</li> </ul>	<b>Para sa Guro:</b> Ang <i>Pakikingang Kuwento (Listening Story)</i> ay matatagpuan sa <i>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3, Ikalabing-walong Linggo, Unang Araw.</i>	
	PN	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3PN-IIa-2 Naiuugnay ang napakinggang kuwento sa sariling karanasan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagganyak at Pangganyak na Tanong</li> </ul>	4. Paghahanda sa Pagbasa ng Kuwento a. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang tanong.</li> </ul> <b>Para sa Guro:</b> Matatagpuan ang gawain/tanong sa <i>Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang 3, pahina 238.</i> b. Pangganyak na tanong <ul style="list-style-type: none"> <li>Magbigay ng tanong tungkol sa kuwento at ipasagot ang tanong pagkatapos mapakinggan ng mga mag-aaral ang kuwento. Halimbawa: <i>Sino kaya ang tunay na salarin sa kuwento?</i></li> </ul>	
	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>F3TA-0a-j-1 Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbasa ng guro ng kuwento at pagtalakay nito: “Sekreto ng Lumang Bahay”</li> </ul>	5. Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito <ul style="list-style-type: none"> <li>Magtanong pagkatapos basahin ang bawat bahagi/pahina at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang reaksiyon.               <ol style="list-style-type: none"> <li>Ano ang reaksiyon ng mga mag-aaral: Natuwa ba kayo? Nalungkot? Natakot? Mayroon ba kayo ibang naramdaman?</li> <li>May naalala ba kayong tao, bagay, lugar, o pangyayari?</li> <li>Naiugnay ba ninyo sa mga naunang nangyari sa kuwento o sa ibang kuwentong nabasa? Naiugnay ba ninyo ang kuwento sa palabas na napanood?</li> <li>May salita ba kayong hindi naintindihan, lalo na iyong mga wala sa talasalitaan/paghahawan ng balakid?</li> </ol> </li> </ul>	
	TA	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nababasa nang may pang-unawa ang mga kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbasa ng Kuwento</li> </ul>		

Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
1	<b>PN</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakagagawa ng mapa batay sa nakalarawan sa napakinggang kuwento*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagguhit ng imahe batay sa binasa sa kuwento</li> </ul>	6. Pagguhit ng imaheng pumasok sa isipang batay sa kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Magpaguhit ng mga larawan sa mga mag-aaral batay sa kuwento.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Iminumungkahing pumili ng elemento ng kuwento para magkaroon ng mas malinaw at malalim na talakayan tungkol sa kuwento.</i></p>	
	<b>PB</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naaayos ang mga nabasang impormasyon sa kuwento sa semantic web*</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pag-ayos ng impormasyon sa semantic web</li> </ul>	7. Pagbuo ng semantic web batay sa Impormasyong Galing sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> <li>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sariling talahanayan.</li> </ul> <p><b>Para sa Guro:</b> <i>Imodelo sa mga mag-aaral ang paraan ng pagbuo ng semantic web.</i></p>	
2	<b>PS</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F3TA-0a-j-2</i> <b>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/ damdamin reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon</b></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbibigay-ulat tungkol sa mga makasaysayang lugar sa ating bansa</li> </ul>	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> <li>Hikayatin ang mga mag-aaral na magpahayag tungkol sa mga makasaysaysang lugar sa ating bansa.</li> </ul>	
	<b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F2TA-0a-j-3</i> Nababasa ang mga parirala nang may tamang ekspresyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Leveled Reader para sa Baitang 2: <i>Ang Bagong Kapitbahay</i></li> </ul>	2. Pagbasa ng Leveled Reader <ul style="list-style-type: none"> <li>Ipabasa sa mga pares ng mag-aaral ang kanilang Leveled Reader.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Habang nagbabasa ang mga mag-aaral sa Baitang 2 ng Leveled Reader, gabayan ang mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbasa ng kanilang mga Leveled Reader.</li> </ul>
	<b>PB</b> <b>TA</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li><i>F2PB-Iia-b-3.1.1;</i> <i>F2TA-0a-j-3</i> Nakababasa ng Leveled Reader at nasasagot ang mga tanong tungkol dito</li> </ul>		3. Pagsagot ng mga tanong tungkol sa binasa <ul style="list-style-type: none"> <li>Talakayin ang kuwetong binasa sa mga mag-aaral.</li> </ul>	



Araw	Domain	Layunin	Paksa	Gawain ng Guro at Mag-aaral	
				Baitang 2	Baitang 3
